# Mga Retorikal na Pang-ugnay

**Ano ang angkop na ilagay sa patlang?**

**Bibisitahin nila ang kanila___ lolo at lola sa probinsya.**

**Bumili sila ng pasalubong na biskwit ___ mansanas.**

Ang pag-uuganayan ng iba't-ibang bahagi ng pagpapapahayag ay mahalaga upang makita ang pag-uugnayang namamagitan sa pangungusap o bahagi ng teksto. Sa Filipino, ang mga pang-ugnay na ito ay kadalasang kinakatawan ng **pang-angkop, pang-ukol,** at **pangatnig**.

# Pang-angkop

Ito ay ang mga katagang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan. Ito ay nagpapapaganda o nagpapadulas sa pagbigkas ng mga pariralang pinaggagamitan. May dalawang uri ng pang-angkop.

Ang pang-angkop na **na** ay ginagamit kapag ang unang salita ay nagtatapos sa **katinig** maliban sa **n.** Hindi ito isinusulat nang nakadikit sa unang salita. Inihihiwalay ito. Nagigitnaan ito ng salita at panuring.

*Halimbawa:*

1. mataas na puno
2. Matangkad na babae
3. Mabilis na kotse

Kapag ang unang salita naman ay nagtatapos sa titik na n tinatanggal o kinakaltas ang n at ikinakabit ang -ng.

*Halimbawa:*

1. huwarang pinuno
2. milyong pera
3. mabalbong pusa



Ang pang-angkop na **-ng** ay ginagamit kung ang unang salita ay nagtatapos sa mga **patinig**. Ikinakabit ito sa unang salita.

*Halimbawa:*

1. matalinong mag-aaral
2. malansang isa
3. mabuting kalooban
4. malaking regalo

# Pang-ukol

Ito ay kataga/salitang nag-uugnay sa isang pangalan sa iba pang mga salita sa pangungusap. Narito ang mga kataga/pariralang malimit na gamiting pang-ukol.

- Sa
- Ng
- Kay/kina
- Alinsunod sa/kay
- Laban sa/kay
- Ayon sa/kay
- Hinggil sa/kay
- Ukol sa/kay
- Para sa/kay
- Tungkol sa/kay

# Halimbawa:


1. Alinsunod sa kalooban ng Diyos, ang kaniyang naging desisyon
2. Ang lahat ng ating ginagawa ay para sa ating pamilya.
3. Ang mga inilabas na ebidensya ay laban sa ating pangulo.
4. Ang ating aralin ngayong lingo ay tungkol sa Retorikal na Pang-ugnay.
5. Ibinigay ko kina nanay at tatay ang aking unang sweldo sa trabaho.
6. Ayon sa mga manggagamot at siyentipiko, hindi maaring gamitin ang gasolina para makapuksa ng virus.
7. Pumunta siya sa kanyang kaibigay upang humingi ng tawad.
8. Ano ang inyong natutunan ukol sa kwentong ito?
9. Hinggil sa aking guro, ako ay nakapasa sa pagsasanay.
10. Binigay ng guro ang mga libro sa silid-aklatan.

# Pangatnig

-Ito ay mga katanga/salita na nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, o sugnay.

- Pangatnig na Pandagdag: Nagsasaad ng pagpuno o pagdaragdag ng impormasyon. *(at, pati)*
- Pangatnig na Pamukod: Nagsasaad ng pagbubukod o paghihiwalay. *(o, ni, maging)*
- Pagbibigay Sanhi/Dahilan: Nag-uuganay ng mga lipon ng salitang nagbibigay-katwiran o nagsasabi ng kadahilanan. *(dahil sa, sapagkat, palibhasa)*
- Paglalahad ng Bunga/Resulta: Nagsaad ng kinalabasan o kinahinatnan. *(bunga, kaya o kaya naman)*
- Pagbibigay ng Kondisyon: Nagsasaad ng kondisyon o pasubali. *(kapag, pag, kung, basta)*
- Pagsasaad ng Kontrast o Pagsalungat: Nagsasaad ng pag-iba, pagkontra o pagtutol. *(ngunit, subalit, datapwat, bagama't)*

# Halimbawa sa Pangungusap



**Pandagdag**


1. Ako at naglinis ng bahay **at** nagluto ng ulam kahapon.
2. Inayos ko ang mga damit **pati** na rin ang aking higaan.

**Pamukod**

1. Saan ka tutungo? Singapore **o** Thailand?
2. **Ni** kumain, **ni** maligo ay di niya nagawa.
3. Maging ikaw o ako ay hindi kailanman mapipili.

**Sanhi/Dahilan**

1. **Dahil sa** hindi niya pag-aaral, siya ay nakakuha ng mababang marka.
2. Lumakas ang kanyang katawan **sapagkat** siya ay nag-eehersisyo at kumakain ng gulay at prutas.



# Halimbawa sa Pangungusap

Bunga o Resulta

1. Nagsikap magtrabaho si Luke **kaya naman** guminhawa ang kanyang buhay.
2. **Bunga ng** mahigpit na pagsunod sa mga batas, ang Pilipinas ay Covid-free na.

Kondisyon

1. Bibilhan kita ng bagong telepono **kapag** naging mataas ang iyong marka.
2. Illibre kita **kung** tutulungan mo ako sa ginagawa ko.

Kontrast or Pagsalungat

1. Maganda ang kanyang suhestiyon **ngunit** makakasama ito sa karamihan.
2. Sinasabing siya ay nagbago na **subalit** iba ang kanyang ipinapakita.

# Tandaan

- Ang retorika ay ang masining at epektibong pagpapapahayag.
- Ang mga retorikal na pang-ugnay ay ang mga pang-angkop, pangatnig, at pang-ukol.
- Malaki ang maitutulong ng kaalaman sa retorikal na pang-ugnay upang magkaroon ng wastong ugnayan ang mga ideya ng pangungusap.

- Ang pagpapapabuti ng kaalaman sa gramatika at retorika ay pagpapapatunay ng pagpapapahalaga sa wikang Filipino.
- Malaki ang ginamgampanan ng mga retorikal na pang-ugnay upang magkaroon ng kaisahan at koneksyon ang mga ideya sa loob ng teksto.

## Ilagay sa patlang ang tamang pang-angkop (-ng, -g, o na).

1. May mga bahay _____ bato na nakatayo pa sa Vigan.
2. Ang Qatar ang isa sa pinakamayaman ____ bansa sa buong mundo
3. Limandaan ____ piso ang sinukli ng kahera.
4. Si Nico ay takot pumasok sa madilim _____ silid.
5. Nauuna ang pula_____ kotse sa karera

## Tukuyin ang pang-ukol na ginamit sa pangungusap.

1. May balita ka ba tungkol kay Rosa?
2. Ang patalastas ay ukol sa paglikas nila sa bayan
3. Ang mga kapote at bota ay para kina Roberto at Lino.
4. Ayon kay tatay, mas mabuting hintayin natin ang tamang panahon.
5. Ang paghahanda natin ay alinsunod sa utos ni kapitan.

# Salamat!

Do you have any questions?

addyouremail@freepik.com
+91  620 421 838 yourcompany.com

CREDITS: This presentation template was created by Slidesgo, including icons by Flaticon, and infographics & images by Freepik.

Please keep this slide for attribution.